AEC Australian Electoral Commission

# Huminto at Pag-isipan

Sa panahon ng pederal na halalan, maraming mga bagay ang sinasabi at sinusulat tungkol sa proseso ng pagboto. **Ang ilan sa mga ito ay hindi tama o mapanlinlang.**

Huminto at pag-isipan ang nilalaman at pinagmulan ng anumang iyong nakikita, naririnig o nababasa tungkol sa proseso.

Ang lumalabas na text, mga larawan, video at audio na gawa ng Artipisyal na Katalinuhan (AI) ay maaaring gamitin upang masubukan at lokohin ka tungkol sa kung saan boboto, paano ang pagkumpleto ng mga balota o kung bakit hindi mapagkakatiwalaan ang proseso. **Kahit sinuman ay maaaring maapektuhan.**

Gumamit ng malusog na pagdududa. I-tsek o huwag pansinin ito, ngunit huwag mo nang ipamahagi o ipadala ulit sa internet. Maaari mo ding isumbong sa lugar na nakitaan mo nito. Hikayatin ang mga kaibigan at kapamilya na gayahin ang ginawa mo.

Ang Australya ay isa sa may pinakama-pinagkakatiwalaang mga sistema ng pagboto sa buong daigdig. Ito ay pag-aari ng mga botante at lahat tayo ay may pananagutang protektahan ito.

## Huwag ilagay sa panganib ang sariling atin.

### Suriin ang nilalaman

**Hanapin ang:**

- mga salitang nagdudulot ng masidhing damdamin, tulad ng pagkabigla, pagkagalit o pagkatuwa
- kakaunting mga mapagpipilian ang ipinapakita sa halip na ang lahat ng mga laman nito
- paninisi ng isang partikular na grupo o tao na hindi naman siya lamang ang tao/grupo ang may pananagutan
- pang-aatake sa tao sa halip na nakapokus sa pinagtatalunan.

### Siyasatin ang pinagmulan

**Tanungin ang iyong sarili:**

- Saan nanggaling ang impormasyon? Ito ba ay mula sa mapagkakatiwalaang mapagkukunan?
- Galing ba ito sa Australya o ibang bansa?
- Gawa ba ito ng isang AI? Ang teknolohiyang Artipisyal na Katalinuhan (AI technology) ay madaling makagawa ng hindi totoong text, mga larawan, video at audio.
- Bakit ito inilathala? Mayroon bang dahilan na may isang taong pinipilit kang kumbinsihin sa isang bagay na hindi totoo?

### Mag-tsek sa aming website

**Kunin ang totoong impormasyon:**

- kailan ang pagboto
- paano binibilang ang mga boto
- paanong pagpasyahan ang isang resulta
- paanong pinapanatili ng AEC na maging ligtas ang mga boto.




**aec.gov.au** 13 23 26

Sundan kami para direktang malaman sa amin

Pinahintulutan ng Komisyonado ng Halalan, Canberra
Authorised by the Electoral Commissioner, Canberra

25-2108